Mensahe Tatlo

## Ang Karanasan ng mga Mananampalataya sa Biyaya ng Diyos sa Ekonomiya ng Diyos na Napasusukdol sa Ekklesia bilang ang Organikong Katawan ni Kristo

Babasahin sa Kasulatan: Juan 1:16; Roma 12:6; 1 Cor. 1:2-4; 2 Cor. 13:14; Gal. 6:18; Efe. 4:7, 29; Fil. 4:23; Apoc. 22:21

**I. Ang pamumuhay ng mga Bagong Tipang mananampalataya sa ilalim ng biyaya sa ekonomiya ng Diyos ay isang buong pamumuhay ng pagdaranas sa naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos bilang biyaya—Gal. 6:18; Heb. 4:16; Apoc. 22:21:**

A. Ang pang-Kristiyanong pamumuhay ay dapat na pamumuhay ng biyaya, ang karanasan ng biyaya; ang ating buhay-Kristiyano sa pang-esensiya ay isang buhay ng pagtataglay sa Diyos bilang ating biyaya—2 Cor. 1:12.

B. Ang isang buong pamumuhay ay nangangahulugan na ang ating buong pamumuhay ay isang pamumuhay ng naprosesong Tres-unong Diyos upang maging biyaya sa atin—13:14.

C. Ang timpladang Espiritu ay kumikilos sa loob natin araw-araw bilang ang pagpapahid upang matamasa natin ang naprosesong Tres-unong Diyos bilang biyaya—1 Juan 2:20, 27.

D. Ang biyaya ng Panginoong Hesu-Kristo, ang Espiritu ng biyaya, ay nasa ating espiritu, na naisilang na muli upang maging pinananahanang lugar at sisidlan ng Tres-unong Diyos—Heb. 10:29b; Gal. 6:18; Fil. 4:23; Filem. 25; 2 Tim. 4:22.

E. Tayo ay yaong mga nakatanggap ng biyaya, na siyang Tres-unong Diyos—ang Ama na ibinigay sa atin sa loob ng Anak, at ang Anak na naisarealidad bilang ang Espiritung nananahan sa ating espiritu—1 Cor. 15:45b; 6:17.

F. Dahil tayo ay mga banal, ang biyaya ng Panginoon ay dapat mapasa bawa’t isa sa atin sa bawat aspekto ng ating pang-araw-araw na buhay—Fil. 4:23; Efe. 4:7.

**II. Ang isang tunay na ekklesia ay batay sa biyayang ibinigay dito sa loob ni Kristo Hesus—1 Cor. 1:2-4:**

A. Ang biyaya ng Diyos ay hindi ibinigay sa ekklesia batay sa espiritwalidad o kalagayan ng ekklesia.

B. Tanging ang biyaya ng Diyos ang batayan ng ekklesia—16:23.

C. Ang pagpapasalamat ni Pablo sa Diyos sa 1 Corinto 1:4 ay batay sa kaloob ng biyaya na ibinigay sa ekklesia sa loob ni Kristo Hesus.

D. Ang ekklesia ay nakatayo sa batayan ng biyaya upang makatanggap ito ng higit na biyaya—Apoc. 22:21.

E. Nakatanggap tayo ng biyaya bilang ating batayan, at tayo ay nakatayo sa biyaya, hindi sa ating mga katangian, mga kagalingan, o mga kahusayan; samakatwid, tayo ay kwalipikadong makatanggap ng higit pang biyaya, maging biyaya sa biyaya—Juan 1:16.

**III. Ang pagpapasukdol ng karanasan ng mga mananampalataya sa biyaya ng Diyos sa Kanyang ekonomiya ay ang ekklesia bilang ang organikong Katawan ni Kristo—1 Cor. 12:12-13, 27; Efe. 1:6-8, 22-23:**

A. Ang biyaya ay ang nagsisirkulang Tres-unong Diyos na namamahagi ng lahat ng kung ano Siya sa loob natin para sa ating katamasahan; ang buong buhay-ekklesia ay nakadepende sa sirkulasyon ng Dibinong Trinidad sa loob natin —1 Ped. 5:10; Gawa 4:33; 2 Cor. 8:1; 13:14.

B. Ang praktikal na buhay at pagtatayo ng Katawan ni Kristo ay nagmumula sa panloob na pagtatamasa sa biyaya ng Diyos—1 Cor. 1:9; 2 Cor. 13:14.

C. Bawat bahagi ng organikong Katawan ni Kristo ay isang bunga ng biyaya ng Diyos sa ekonomiya ng Diyos—Roma 12:4-6a.

D. Sa Katawan ay mayroon tayong mga kaloob na nagkakaiba ayon sa biyayang ibinigay sa atin at na isang resulta ng ating karanasan sa biyaya ni Kristo—b. 6:

1. Ang biyayang ito ay ang Diyos sa loob ni Kristo bilang ang dibinong elemento na pumapasok sa ating katauhan upang maging ating buhay para sa ating katamasahan —Juan 1:16; 2 Cor. 13:14.
2. Kapag pumapasok ang biyayang ito sa atin, nagdadala ito ng elemento ng mga tiyak na espiritwal na kasanayan at mga abilidad, na, kasama ang ating paglago sa buhay, nalilinang na maging mga kaloob sa buhay upang tayo ay makapagpangsyon sa Katawan ni Kristo upang maglingkod sa Diyos—Roma 12:6-8.
3. Sa Roma 12:6 ang mga kaloob ay nagkakaiba ayon sa biyaya; sa Efeso 4:7 ang biyaya ay ibinigay ayon sa kaloob:
   a. Ang biyaya ay ang dibinong buhay na nagbubunga at nagtutustos ng mga kaloob.
   b. Sa Roma 12 ang biyaya ang nagbubunga ng kaloob; kaya, ang kaloob ay ayon sa biyaya.
   c. Sa Efeso 4 ang biyaya ay ayon sa kaloob, ayon sa sukat ng kaloob.

E. Sa ekklesia bilang ang organikong Katawan ni Kristo, huwag nating hayaang lumabas sa ating bibig ang nakasasamang salita, "kundi tangi lamang yaong mabuti sa ikatatayo, ayon sa pangangailangan, upang mabigyan ng biyaya ang mga nakikinig"—b. 29:

1. Ang ating salitang sinalita sa iba ay dapat maghatid ng biyaya, si Kristo bilang ating katamasahan at tustos—2 Cor. 13:14; Roma 16:20; 1 Cor. 16:23; Gal. 6:18.
2. Ang salitang nagtatayo sa iba ay laging naghahain ng Kristo bilang biyaya sa nakikinig—Efe. 4:29.

**IV. Sa Efeso 3:2 ay sinasabi ni apostol Pablo na ang pagkakatiwala ng biyaya ay ibinigay sa kanya para sa mga sangkap ng Katawan—5:30:**

A. Sa Efeso 3:2 at 9 ay ginagamit ni Pablo ang salitang Griyegong *oikonomia*; sa bersikulo 9 ang salitang ito ay tumutukoy sa ekonomiya ng Diyos, at sa bersikulo 2 ito ay tumutukoy sa pagkakatiwala ng apostol.

B. Ang pagkakatiwala ng biyaya ng Diyos ay ibinigay sa atin upang tayo ay makapamuhay at makapaglingkod para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo—bb. 2-7:

1. Ang pagkakatiwala ng biyaya ay para sa pamamahagi ng biyaya ng Diyos tungo sa Kanyang piniling bayan para sa pagbubunga at pagtatayo ng ekklesia bilang Katawan ni Kristo—1 Cor. 4:1-2.

2. Mula sa pagkakatiwalang ito ang ministeryo ng apostol, na siyang katiwala sa bahay ng Diyos, inihahain si Kristo bilang biyaya ng Diyos sa sambahayan ng Diyos—9:17.
3. Ang ministeryo ni Pablo ay ang ipamahagi ang mga kayamanan ni Kristo bilang biyaya sa mga mananampalataya para sa kanilang katamasahan—Efe. 3:8.
4. Ang ekonomiya ng Diyos ay nasa Diyos Mismo, subalit ang pagkakatiwala ng biyaya ay ibinigay hindi lamang kay Pablo bilang isang tao; ang pagkakatiwalang ito ay ibinigay sa lahat ng mananampalataya.
5. Ang pagkakatiwala ng biyaya ay pansansinukob; para sa Katawan ni Kristo, ang lahat ng banal ay nagtataglay ng pagkakatiwala ng biyaya ayon sa ekonomiya ng Diyos—bb. 2, 9.

*© 2022 Living Stream Ministry*